# Sa Plano ng Ama sa Langit, Mahalaga ang mga Babae at mga Lalaki

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

Pumili ng isa sa mga sumusunod na sitwasyon, at pag-isipan kung paano makatutulong sa isang tao ang pagpapamuhay ng mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman para maunawaan ang katotohanan mula sa 1 Corinto 11:11 tungkol sa mga tungkulin ng mga lalaki at mga babae sa plano ng Ama sa Langit.

1. Narinig ng nakababatang kapatid ni Kalee na si Elle na sinabi ng ilang batang lalaki sa paaralan na mas mahalaga ang mga lalaki kaysa mga babae. Tinanong ni Elle si Kalee, "Hindi ba't mahalaga rin ako tulad ng mga batang lalaki?"
2. Nag-alala si Reid dahil narinig niya ang ilan sa kanyang mga kapwa miyembro ng korum na nag-uusap tungkol sa mga kababaihan nang walang paggalang.
3. Pagkatapos manood ng isang popular na pelikula, pinagtawanan ng isang grupo ng magkakaibigan ang mga nakakatawang kilos ng gumaganap na ama sa pelikula. Sumang-ayon ang ilan na hindi kailangan ang ama, at sinabi ng isang kaibigan, "Ito ang dahilan kaya hindi ninyo kailangan ang lalaki sa pagpapalaki ng masayang pamilya."
4. Naghahanda sina Esteban at Clara na magpakasal sa templo. Iminungkahi ng kanilang mga magulang na pag-usapan nila kung paano tutuparin ng bawat isa ang iba't ibang tungkulin at responsibilidad sa kanilang magiging pamilya.

## Kumilos nang May Pananampalataya

- Ano ang mga paraan na magagawa mo o ng indibiduwal sa sitwasyon para kumilos nang may pananampalataya bilang pagtugon sa isyung nabanggit?
- Paano makatutulong sa pagsunod mo kay Jesucristo ang pagpapahalaga sa mga natatangi at mahahalagang tungkulin ng mga babae at mga lalaki?

## Suriin ang mga konsepto at tanong nang may walang-hanggang pananaw

- Ano ang nalalaman mo tungkol sa Ama sa Langit at sa Kanyang plano na makatutulong kung mahaharap ka sa sitwasyong katulad nito?
- Ano ang ilan sa mga tungkulin ng mga lalaki at mga babae sa plano ng Ama sa Langit?

## Maghanap pa ng impormasyon sa sources na itinalaga ng Diyos

- Paano makatutulong sa iyo ang iyong naunawaan at patotoo tungkol sa mga katotohanang itinuro sa 1 Corinto 11:11 sa pagtugon sa sitwasyong ito?
- Ano pang mga turo na nagbibigay-inspirasyon mula sa mga banal na kasulatan o lider ng Simbahan ang makatutulong sa iyo na tumugon nang tapat?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *In Heavenly Father's Plan, Both Women and Men Are Essential*. Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.